Nagpapatuloy ang Rekabari sa Bagyo sa Florida nang may Higit sa $835.4 Milyon na Federal na Suporta

Release Date: January 9, 2019

TALLAHASEE, Fla. – Tatlong buwan matapos bumagsak ang Bagyong Michael, patuloy ang pagsisikap ng mga komunidad na makarekaber sa tulong ng Estado ng Florida at mga federal na ahensya. Higit sa $835.4 milyon galing sa federal na pondo ang inihandog sa mga may-ari ng tahanan, mga umuupa, mga negosyo at mga may hawak ng polisiya para sa insurans para sa baha simula Ene. 9.

Ang Estado ng Florida at mga lokal na komunidad ay nakapagtanggal ng higit sa 20 milyon na cubic yards ng kalat,isang mahalagang hakbang sa operasyon para sa rekaberi. Naghandog ang FEMA ng pansamantalang masisilungan sa mga hotel para sa 1,952 na tahanan simula nang dumating ang bagyo, at may 615 na kasalukuyang may matutuluyan.

Kasali sa kabuoang tulong para sa sakuna galing sa federal ang mga sumusunod:

- Halos $ 129,6 milyon sa indibidwal at mga pamigay sa sambahayan upang magbigay ng tulong sa pananalapi sa mga iyon. May mahahalagang gastusin matapos ang sakuna at hindi makahanap ng ibang paraan na mabayaran ang mga ito sa pamamagitan ng insurans o iba pang paraan.

- Kabilang sa bilang na ito ang, malapit sa $106 milyon kasali ang tulong para sa tahanan upang matulungang ang mga may ari na magkumpuni o palitan ang mga nasirang pag-aari dahil sa sakuna na hindi sakop ng insurans, at
- Halos $23.5 million galing sa Tulong para sa Iba pang Pangangailangan ay nakatulong sa mga nakaligtas gamit ang pondo upang mabayaran ang mga mahahalagang gastusin dahil sa sakuna kagaya ng mga medikal na bil; pera upang makapaglinis; pagpapakumpuni o pagpapapalit ng gamit sa tahanan; pagpapakumpuni o pagpapapalit ng mga sasakyan na napinsala ng sakuna at iba pang mga pangangailangan na walang kaugnayan sa tahanan.

- Higit sa $565.2 milyon na pautang galing sa Administrasyon ng mga Maliliit na Negosyo ng U.S. kabilang anghalos $484.5 milyon para sa mga may-ari ng tahanan at umuupa at higit sa $80.7 milyon para sa mga negosyoupang maipakumpuni, maipatayong muli, at mapalitan ang mga napinsalang pag-aari at laman nito at para sa pinsalang pang-ekonomiya.
- Higit sa $140.5 milyon sa claims ang ibinayad sa 4,153 na may hawak ng polisiya para sa Nasyonal na Insurans para sa Baha.(Noong Des. 14)

Nakatanggap ng mahigit sa 44,389 na mga bisita ang mga Senters para sa Rekaberi sa Sakuna na naghahanap ng tulong para sa sakuna o kaya impormasyon, habang ang mga grupo para sa outreach ng Tulong para sa mga Nakaligtas ng Sakuna ay bumisita sa mas mahigit sa 3,127 na mga pasilidad ng komunidad, lampas sa 5,918 sa mga negosyo, lampas sa 112,949 na mga tahanan at nagbigay ng malapit sa 30,000 na referal sa mga kabuoang mga resors ng komunidad.

Ang pagpaparehistro ay sarado na, Pero, Ang pagpapaalam agad sa FEMA ng kahit anong pagbababago sa iyong impormasyon para makausap ka, mga setelment ng insurans o bagong nadiskubreng karagdagang pinsala ay makakatulong upang maiwasan ang pagka-antala ng pagkuha mo ng tulong na kailangan mo. Bisitahin ang isang DRC or Tawagan ang FEMA kung kailangan mong magtanong tungkol sa sulat na natanggap mo. Ang mga nakaligtas na may extenuating na pangyayari ay maaaring mag-aplay para sa tulong.

Pitong rekaberi senter para sa sakuna ay mananatiling bukas upang maghandog ng impormasyon at tulong. Ang mga nakaligtas ay maaaring makahanap ng mga lokasyon ng senter gamit ang app para sa mobayl ng FEMA, sa pamamagitan ng pagbisita sa FEMA.gov/DRC, o sa pamamagitan ng pagtext ng DRC at ng iyong ZIP code sa 43362.

Kausapin ang FEMA sa pamamagitan ng pagtawag sa 800-621-3362. Ang mga taong bingi, nahihirapan makarinig, o may kapansanan sa pananalita at gumagamit ng TTY ay maaaring tumawag sa 800-462-7585. Kung kayo ay gumagamit ng 711 o VRS o nangangailangan ng suporta habang bumibisita sa center, tumawag sa 800-621-3362. Ang mga numerong walang bayad ay matatawagan araw-araw mula ika-7 ng umaga hanggang ika-11 ng gabi EST.

Tinutulongan ng FEMA ang mga pang-estado at lokal na mga gobyerno upang maka-rekaber. Labing-waling mga county at ang estado ay elijibol para sa programa ng FEMA para sa Tulong Pampubliko. Abeylabol ang pang-federal na pondo upang bayaran muli ang mga komunidad at ibang mga nonprofit para sa nagastos nila dahil sa paglilinis matapos ang sakuna, mga pang-kagipitan na aksyon na isinagawa upang maprotektahan ang buhay at pag-aari, at ang pagkukumpuni, pagpapalit, o pagpapagandang muli ng mga mga inprastraktura na napinsala ng bagyo.

Tuwing nakakatanggap ng dokumentasyon galing sa mga aplikante para sa Tulong Pampubliko, sinisiyasat ng FEMA ang elijibiliti at nagbubuo ito ng grant para sa reimbursement. Ang pondo ay inihahandog sa estado na saka naman ipinapamigay sa mga aplikante ayon sa mga prosesong internal. Laging nakikipagtulungan ang mga empleyado ng FEMA sa mga opisyal ng estado at ng lokal upang makapagtipon nga mga dokumentasyon at masiguro na lahay ng elijibol na gastos ay ma-rereimburse.

Sa kasalukuyan, may 220 na elijibol na aplikante para sa Tulong Pampubliko kasali na ang mga ahenya ng gobyerno, mga lokal na gobyerno at ibang mga pribadong nonprofit.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa rekaberi sa Bagyong Michael, bisitahin ang www.fema.gov/disaster/4399 at www.FloridaDisaster.org

###

Misyon ng FEMA: Tulungan ang mga mamamayan bago, habang, at pagkatapos ng mga sakuna.

Para sa listahan ng mga mapagkukunan ng suporta at impormasyon para sa mga indibidwal at negosyong apektado ng Bagyong Michael, bumisita sa www.floridadisaster.org/info.

Para sa impormasyon tungkol sa pagbangon mula sa Bagyong Michael, bumisita sa www.fema.gov/disaster/4399.

Sundin ang FEMA at ang Dibisyon ng Florida para sa Pamamahala ng Emerhensya sa Twitter sa @FEMARegion4 and @FLSERT. Maaari rin ninyong bisitahin ang FEMA at ang mga Facebook page ng Dibisyon sa Facebook.com/FEMA and Facebook.com/FloridaSERT.